

## PINATATAMAANG GRUPO

Mga indibidwal o pamilya na naninirahan sa loob ng hangganan ng serbisyo sa kalapit na IFSC ay malugod na tatanggapin upang gamitin ang serbisyo.

## TARGET GROUP

Individuals or families residing within the service boundary of the nearby IFSC are welcome to use the service.

## MGA ORAS NG PAGBUBUKAS

Maliban sa pagbubukas sa panahon ng karaniwang mga oras ng opisina, lahat ng mga IFSC ay nagbibigay ng pinalawig na mga serbisyo sa oras sa ilang mga gabi / dulong-linggo. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayang direkta sa sentro na kinauukulan.

## OPENING HOURS

Apart from opening during normal office hours, all IFSCs provide extended hour services in some of the evenings / weekends. For details, please contact the centre concerned direct.

## MAAARING MAKATULONG ANG IFSC SA IYO AT IYONG PAMILYA NA

- makilala ang higit pang mga kaibigan at magtayo ng panlipunang network para sa suporta sa isa't isa
- alagaan ang ugnayang magulang-anak, pangmag-asawa at sa pagitan ng mga tao upang mapabuti ang katiwasayang pampamilya
- mapabuti ang mga kasanayan sa paglutas ng problema at pagkaya sa mga lundo ng buhay
- harapin ang mga kahirapan o mga problema sa pamilya o indibidwal sa positibong paraan na may suporta ng mga propesyonal na manggagawang panlipunan

**Mga indibidwal o pamilya ay malugod na tatanggapin upang lapitan ang kalapit na IFSC para sa pagtatanong / tulong. Ibang mga grupo o ahensiya ay maaaring isangguni ang mga nangangailangan ng mga serbisyo sa itaas sa mga IFSC.**

## IFSC CAN HELP YOU AND YOUR FAMILY TO

- get to know more friends and build up social network for mutual support
- nurture parent-child, marital and interpersonal relationship in order to enhance family harmony
- enhance skills in problem-solving and stress-coping
- face hardships or individual / family problems in a positive way with the support of professional social workers

**Individuals or families are welcome to approach the nearby IFSC for enquiry / assistance. Other groups or agencies may also refer those in need of the above services to IFSCs.**

| | |
|---|---|
| HOTLINE NG SWD<br>**SWD HOTLINE** | **2343 2255** |
| FAX<br>**FAX** | **2763 5874** |
| WEBSITE<br>**WEBSITE** | **http://www.swd.gov.hk** |

ENERO 2016 January 2016

# SENTRO NG SERBISYO SA INTEGRADONG PAMILYA

# INTEGRATED FAMILY SERVICE CENTRE



社會福利署
Social Welfare Department

Tagalog

PAGTATAYO NG MALUSOG AT MATIWASAY NA MGA PAMILYA

# BUILDING HEALTHY AND HARMONIOUS FAMILIES



## MGA TUNGUHIN

- Upang suportahan at palakasin ang mga indibidwal at pamilya
- Upang magkaroon ng maagang pagkilala sa mga problema at upang makapagbigay ng interbensiyon at mga serbisyo tulad ng nararapat

## OBJECTIVES

- To support and strengthen individuals and families
- To have early identification of problems and to provide intervention and services as appropriate

## PAGLALARAWAN NG SERBISYO

Mga Sentro ng Serbisyo sa Integradong Pamilya (IFSC), na pinatatakbo ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan (SWD) at pinopondohan ng mga organisasyong di-pamahalaan, ay nagbibigay ng sari-saring mga serbisyo upang tugunan ang iba't ibang mga pangangailangan ng mga indibidwal at pamilya ng mga espesipikong lokalidad. Alinsunod sa mga gumagabay na prinsipiyo ng pagka-naaabot, maagang pagkilala, integrasyon at pakikipagpareha, ang mga IFSC ay itinatag upang suportahan at palakasin ang mga indibidwal at pamilya sa pamamagitan ng paghahatid ng mga serbisyo sa ilalim ng direksiyon ng **'nakasentro sa bata, nakatuon sa pamilya at nakabatay sa pamayanan.'**

Binubuo ang isang IFSC ng tatlong pangunahing mga bahagi, katulad ng yunit ng mapagkukunan ng pamilya, yunit ng pansuporta sa pamilya at yunit sa pagpapayo ng pamilya. Mayroong isang malawak na network ng 65 mga IFSC sa buong sinasakupan at dalawang mga Sentro ng mga Integradong Serbisyo sa Tung Chung upang makapagbigay ng isang saklaw ng panghadlang, pansuporta at panremedyong mga serbisyo sa pamilya.

## SERVICE DESCRIPTION

Integrated Family Service Centres (IFSCs), operated by the Social Welfare Department (SWD) and subvented non-governmental organisations, provide a spectrum of services to address the multifarious needs of individuals and families of specific localities. With the guiding principles of accessibility, early identification, integration and partnership, the IFSCs are set up to support and strengthen individuals and families through delivering of services under the direction of **'child-centred, family-focused and community-based.'**

An IFSC consists of three major components, namely family resource unit, family support unit and family counselling unit. There is an extensive network of 65 IFSCs over the territory and two Integrated Services Centres in Tung Chung to provide a range of preventive, supportive and remedial family services.

## NILALAMAN NG SERBISYO

- Serbisyo sa pagtatanong
- Sulok ng mapagkukunan
- Edukasyon sa buhay pampamilya
- Mga gawain ng magulang-anak
- Serbisyo sa panggrupong gawain
- Mga gawain sa programa
- Pagsasanay at serbisyo ng boluntaryo
- Serbisyo sa pag-abot
- Serbisyo sa pagpapayo
- Serbisyo sa pagsasangguni, kasama ang mga serbisyo sa pangangalagang residensiyal, mga serbisyo sa pangangalaga sa araw, mga serbisyo sa pansamantalang pangangalaga, mga serbisyo sa pangangalaga sa tahanan, mga serbisyo sa rehabilitasyon, tulong pananalapi, serbisyong sikolohikal, tulong na pabahay, atbp.

## SERVICE CONTENT

- Enquiry service
- Resource corner
- Family life education
- Parent-child activities
- Group work service
- Programme activities
- Volunteer training and service
- Outreaching service
- Counselling service
- Referral service, including residential care services, day care services, temporary care services, home care services, rehabilitation services, financial assistance, psychological service, housing assistance, etc.